

Pagbuo ng Isang Malakas na Ontario

Ang *Budget para sa 2023* ay naghahatid ng plano para sa isang matatag na ekonomiya ngayon at sa hinaharap

TORONTO — Ngayong araw, inilabas ng Ministro ng Pananalapi na si Peter Bethlenfalvy para sa Ontario ang [Budget para sa 2023: Pagbuo ng Isang Malakas na Ontario](#). Ito ay isang plano na naglalakbay sa patuloy na pandaigdigang kawalan ng katiyakan sa ekonomiya na may responsable at binibigyang-tuon na pamamaraan upang matulungan ang mga tao at negosyo ngayon habang naglalagay ng matibay na pundasyon sa pananalapi para sa mga susunod na mga henerasyon.

"Ang ekonomiya ng Ontario ay nananatiling matatag, ngunit ang daan sa hinaharap ay patuloy na hindi tiyak," sabi ni Ministro Bethlenfalvy. "Ang ating gobyerno ay may tamang plano para malabanan ang mga kahirapang ito. Pinagbubuti natin ang Ontario upang magkaroon tayo ng isang malakas na ekonomiya para sa hinaharap at magkaroon ng imprastraktura na kinakailangan upang masuportahan ang paglago sa buong lalawigan."

Ang plano ng gobyerno ay nagsasagawa ng mga makabuluhang aksyon upang himukin ang paglago sa pamamagitan ng pagpapababa ng mga gastos, mas mabilis na pagpapatayo ng mga pangunahing proyekto sa imprastraktura, at pag-akit ng mas maraming trabaho at pamumuhunan upang matulungan ang mga negosyo, pamilya at manggagawa. Kabilang sa mga natatanging bahagi ang:

- Paglulunsad ng bagong Ontario Made Manufacturing Investment Tax Credit (Kredito ng Buwis sa Pamumuhunan para sa Pagmamanupaktura ng mga Bagay na Ginawa sa Ontario), na magbibigay ng 10 porsiyento na muling maibabalik na kredito sa Corporate Income Tax (Buwis sa Kita ng Korporasyon) para matulungan ang mga lokal na taga-manupaktura na mabawasan ang kanilang mga gastos, mamuhunan sa mga manggagawa, magbago at maging mas mapagkumpitensya.
- Pagsusulong ng Estratehiya ng mga Lubos na Mahahalagang Mineral (Critical Minerals Strategy) ng Ontario, na nagbibigay-suporta sa mas mahusay na koneksyon sa supply chain sa pagitan ng mga industriya, mga bagay na ginagamit at mga manggagawa sa Northern Ontario at pagmamanupaktura sa Southern Ontario, kabilang ang nakabase sa Ontario na pagmamanupaktura ng electric vehicle (EV – de-kuryenteng sasakyan) at baterya. Ang gobyerno ay namumuhunan ng karagdagang \$3 milyon sa 2023–24 at \$3 milyon sa 2024–25 sa Programa ng Ontario para sa Mababang Ranggo ng Paggalugad (Ontario Junior Exploration Program) upang matulungan ang mas maraming kumpanya na maghanap ng mga potensyal na deposito ng mineral at makaakit ng karagdagang pamumuhunan sa lumalaking sektor na ito. Nagpapatuloy din ang gobyerno sa paggawa ng mga kalsada patungo sa Ring of Fire.
- Pag-akit ng mahigit sa \$16 na bilyon na pamumuhunan ng mga pandaigdigang tagagawa ng sasakyan at mga supplier ng mga EV na baterya at mga materyales ng baterya upang magresulta sa Ontario bilang isang pandaigdigang pinuno ng supply chain sa EV, bago pa man ang pinakahuling anunsyo para sa isang subsidiyaryo ng Volkswagen AG na magtatag ng isang pasilidad ng pagmamanupaktura ng baterya ng EV sa St. Thomas, Ontario.

- Patuloy na pagpapabawas ng siksikang trapiko, paglikha ng mga trabaho at pag-uugnay sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagsisimula ng konstruksyon sa mga pangunahing proyekto sa imprastruktura, kabilang ang tulay na tumatawid sa panghinaharap na Bradford Bypass, ang susunod na yugto ng konstruksyon para sa bagong Highway 7 sa pagitan ng Kitchener at Guelph, ang pagpapatuloy sa pagpapalawak ng Highway 401 mula sa Pickering patungo sa Eastern Ontario, pati na rin ang pagpapatuloy sa mga planong magtayo ng Highway 413.
- Pagbibigay ng \$224 na milyon sa 2023–24 para sa isang bagong pagdaloy ng puhunan ng Pondo para sa Pag-unlad ng Kasanayan (Skills Development Fund) upang magamit ang kadalubhasaan ng pribadong sektor at mapalawak ang mga sentro ng pagsasanay, kabilang ang mga bulwagan ng pagsasanay ng unyon upang makapagbigay ng mas maaaring makuha at maaaring mabagong mga pagkakataon sa pagsasanay para sa mga manggagawa.
- Pagpapahusay sa Programa ng Ontario para sa Kandidatong Imigrante (Ontario Immigrant Nominee Program) na may karagdagang \$25 milyon sa loob ng tatlong taon upang makaakit ng mas maraming mga dalubhasang manggagawa, kabilang ang mga propesyonal na lubos na kinakailangan sa mga dalubhasang kalakalan, sa probinsya.

Sa pamamagitan ng pagtatrabaho para sa mga manggagawa, pagpapababa ng mga gastos at pagbibigay ng mas mahusay na mga serbisyo, ang lahat ay magkakaroon ng pagkakataong makilahok at makinabang sa plano ng Ontario. Kabilang sa mga natatanging bahagi ang:

- Pagsuporta sa isang buong sakop ng pangangalaga para sa mga tauhang unang tumutugon sa krisis (mga first responder) na nakakaranas ng Pagkapinasalang Stress na Dulot ng Isang Lubos na Nakababalising Karanasan (Post-Traumatic Stress Injury) at iba pang kasabay na mga sakit sa kalusugang pangkaisipan sa First Responders Wellness and Rehabilitation Centre (Sentro ng Kagalingan at Rehabilitasyon ng mga Tauhang Unang Tumutugon sa Krisis) ng Runnymede Healthcare Centre, sa pamamagitan ng pagsusulong ng proyektong nakabase sa dalawang lugar patungo sa konstruksyon sa Toronto at Peel, na may karagdagang pamumuhunan ng \$9.6 na milyon upang mapabilis ang pag-unlad ng proyekto patungo sa susunod na yugto ng pag-apruba nito.
- Pagbibigay ng suportang pinansyal sa mas maraming nakatatanda sa pamamagitan ng pagmumungkahi ng mga pagbabago upang mapalawak ang programang Guaranteed Annual Income System (GAINS – Sistema ng Garantisadong Taunang Kita), simula sa Hulyo 2024, upang magresulta sa 100,000 karagdagang mga nakatatanda na magiging karapat-dapat para sa programa at ang benepisyo ay babaguhing taon-taon para maitugma sa inflation.
- Paghiling sa pederal na pamahalaan na ipagpaliban ang Harmonized Sales Tax (HST – Pinagsamang Buwis sa Pagbebenta) sa lahat ng bagong malakihang pinasadyang pinatayo na mga proyektong paupahang pabahay upang matugunan ang patuloy na krisis sa abot-kayang pabahay. Susuportahan ng Ontario ang panukalang ito, dahil makakatulong ito sa pag-udyok sa pagtatayo ng mas maraming paupahang pabahay habang tumutulong sa paglikha ng mga trabaho, humihikayat sa pag-unlad ng ekonomiya at sumusuporta sa paglago.

- Pamumuhunan sa pansuportang pabahay na may karagdagang \$202 milyon bawat taon sa Programa sa Pag-iwas ng Kawalan ng Tahanan (Homelessness Prevention Program) at Programa ng Suportang Pabahay sa Katutubo (Indigenous Supportive Housing Program) para matulungan ang mga nakakaranas o nasa panganib na mawalan ng tirahan, nahihirapan sa kalusugang pangkaisipan at hindi wastong paggamit ng alak, droga o gamot, ang mga tumatakas sa karahasan mula sa isang katalik na kapareha, at masuportahan ang mga organisasyon ng komunidad na naghahatid ng pansuportang pabahay.
- Pagbibigay ng tulong sa mas maraming estudyante sa Ontario na maging mga doktor sa pamamagitan ng pamumuhunan ng karagdagang \$33 milyon sa loob ng tatlong taon upang magdagdag ng 100 mga puwang para sa undergraduate simula sa 2023, pati na rin ang 154 na mga puwang sa pagsasanay para sa postgraduate na medikal upang mabigyang-prioridad ang mga residente ng Ontario na sinanay sa loob at labas ng bansa simula sa 2024 at pasulong. Ang mga residente ng Ontario ay patuloy ding bibigyan ng prioridad para sa mga undergraduate na puwang sa mga medikal na paaralan sa lalawigan.
- Simula sa taglagas ng 2023, palalawakin ang programa upang mapayagan ang mga parmasyutiko na magreseta ng over-the-counter na gamot para sa mas karaniwang mga karamdaman, kabilang ang banayad hanggang katamtamang tagihawat, mga maliliit na sugat sa loob ng bibig (mga canker sore), pamamaga o pamumula sa lugar na pinaggagamitan ng diaper, impeksiyon sa ari ng babae na dulot ng fungus, mga bulateng pinworm at threadworm, at pagduduwal at pagsusuka na kaugnay sa pagbubuntis.
- Pagbibigay ng karagdagang \$425 milyon sa loob ng tatlong taon upang ikonekta ang mas maraming tao sa kalusugang pangkaisipan at mga serbisyo sa pagkagumon, kabilang ang limang porsiyentong pagtaas sa batayang pagpopondo ng mga nagbibigay ng serbisyo sa kalusugang pangkaisipan at pagkagumon na nakabase sa komunidad na pinondohan ng Ministeryo ng Kalusugan.
- Pagpapatuloy ng pangako sa *Budget para sa 2022* na mamuhunan ng \$1 bilyon sa loob ng tatlong taon upang makakuha ng mas maraming tao na konektado sa pangangalaga sa kaginhawahan ng kanilang sariling tahanan at komunidad. Pinapabilis na ngayon ng gobyerno ang mga pamumuhunan upang mapataas ang pondo para sa 2023–24 nang hanggang sa \$569 na milyon, kabilang ang halos \$300 milyon para masuportahan ang mga pagtaas ng antas ng kontrata para patatagin ang mga manggagawang kaugnay sa pangangalaga sa tahanan at komunidad. Palalawakin din ng pagpopondo na ito ang mga serbisyo sa pangangalaga sa tahanan at pabubutihin ang kalidad ng pangangalaga, na ginagawang mas madali at mas mabilis para sa mga tao na makakonekta sa pangangalaga.
- Pagpapabuti ng mga pangmatagalang resulta para sa mga kabataan na umaalis sa sistema ng kapakanan ng bata (child welfare system) sa pamamagitan ng pamumuhunan ng \$170 milyon sa loob ng tatlong taon upang masuportahan ang programang Maghanda, Magtakda, Magsimula (Ready, Set, Go) upang matulungan ang mga kabataan na makamit ang kalayaan sa pananalapi sa pamamagitan ng pagbuo ng mga kasanayan sa buhay, mga suporta upang maisakatuparan ang post-secondary na edukasyon, pagsasanay at mga landas sa trabaho.

“Sa aming maalalahanin at malinaw na pamamaraan, mayroon kaming plano na balansehin ang budget habang nagbibigay ng suporta sa mga pamilya, manggagawa, at negosyo sa buong Ontario,” sabi ni Ministro Bethlenfalvy. “Magpapatuloy kami sa pamamaraang ito ng pagbuo ng Ontario na maipagmamalaki ng mga tao ng lalawigang ito, hindi lamang ngayon kundi pati na rin sa hinaharap. Isang Ontario na malakas.”

Ang gobyerno ay nagbibigay din ng bagong impormasyon tungkol sa pang-ekonomiya at pananalaping pananaw ng Ontario, na may plano na balansehin ang budget para sa 2024-25, tatlong taon na mas maaga kaysa sa pagtataya sa huling Budget.

MGA ILAN PANG KATOTOHANAN

- Ang 2022–23 na kakulangan (deficit) ng Ontario ay tinatayang magiging \$2.2 bilyon — \$17.7 bilyon na mas mababa kaysa sa pananaw na inilathala sa *Budget para sa 2022* at \$4.4 na bilyon na mas mababa kaysa sa pananaw na inilathala sa *Mga Pananalapi para sa Ikatlong Seksiyon ng Apat na Bahagi para sa 2022–23*.
- Tinataya ng gobyerno na magkakaroon ng kakulangan na \$1.3 bilyon sa 2023–24 at nasa tamang landas na makapagresulta ng kalabisan (surplus) na \$0.2 bilyon sa 2024–25, tatlong taon na mas maaga kaysa sa pagtataya sa *Budget para sa 2022*. Tinataya rin ng gobyerno na magkaroon ng kalabisan na \$4.4 na bilyon sa 2025–26. Bagama't ito ay isang positibong bagong impormasyon, nagpapatuloy ang makabuluhang pang-ekonomiya at pang-heograpikong politikal na kawalan ng katiyakan.
- Ang tunay na GDP ng Ontario ay lumago ng tinatayang 3.7 porsiyento noong 2022 at tinatayang tataas nang 0.2 porsiyento sa 2023, 1.3 porsiyento sa 2024, 2.5 porsiyento sa 2025 at 2.4 na porsiyento sa 2026. Para sa mga layunin ng maingat na pagpapalano sa pananalapi, ang mga pagtatantiyang ito ay bahagyang mas mababa kung ikukumpara sa karaniwang mga pagtataya ng pribadong sektor.
- Ang netong proporsiyon ng utang kung ikukumpara sa GDP (debt-to-GDP ratio) ay inaasahang magiging 37.8 porsiyento sa 2022-23 – ang pinakamababang antas simula noong 2011-12. Para sa katamtamang termino na pananaw, ang netong proporsiyon ng utang kung ikukumpara sa GDP ng Ontario ay tinatayang 37.8 porsiyento sa 2023-24, 37.7 porsiyento sa 2024-25, at bumababa patungo sa 36.9 na porsiyento sa 2025-26.

KARAGDAGANG MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON

Basahin ang [Budget para sa 2023: Pagbuo ng Isang Malakas na Ontario](#)

Basahin ang [Mga natatanging bahagi ng plano ng gobyerno](#)

Basahin ang [Pang-ekonomiya at pananalaping pangkalahatang-ideya](#)

Basahin [Ang Pang-ekonomiyang Pananaw at Pagsusuri sa Pananalapi ng Ontario para sa 2022 — Ang Plano ng Ontario na Magtayo: Isang Panibagong Impormasyon sa Pag-unlad](#)

MGA MAKAKAUGNAY NG MEDIA

Emily Hogeveen

Opisina ng Ministro

647-294-6166

Emily.Hogeveen@ontario.ca

ontario.ca/finance-news

Disponible en français

Scott Blodgett

Sangay ng Komunikasyon

416-728-9791

Scott.Blodgett@ontario.ca